




AmeriCorps



Programang AmeriCorps NCCC

Toolkit para sa Mga Magulang at Guro



Mga Magulang
Mga Mentor
Mga Tagagabay
sa Career
Mga Guro
at higit pa

Kumusta

Bilang pinuno ng komunidad, may kakayahan kang gumawa ng pagbabago sa mga buhay ng mga young adult sa paligid mo. Puwedeng maging malaking susunod na hakbang ang AmeriCorps, dahil nagbibigay ito ng mahahalagang oportunidad sa unang bahagi ng career para sa mga young adult at pinagsasama-sama nito ang mga indibidwal na may iba't ibang background para pag-usapan ang pinakamalalaking hamon sa ating bayan. Nakakakuha ng malawak na karanasan ang mga miyembro ng AmeriCorps sa programa ng NCCC sa pamamagitan ng kanilang serbisyo sa pamamagitan ng pagbiyahe at pagtira sa iba't ibang komunidad sa buong U.S.

Para matugunan ang aming misyong bigyang-kakayahan ang mga komunidad at paggawa ng mga pinuno ng susunod na henerasyon sa U.S., idinisenyo ang gabay na ito para mapadali para sa iyo na matuto tungkol sa kung ano ang iniaalok namin, at para ituro ang kaalamang iyon sa mga anak, estudyante, at mentee mo.

Nasasabik kaming ibahagi ang aming mga resource at makipag-ugnayan sa iyo sa hinaharap. Salamat sa pagsuporta sa NCCC!

Naglilingkod sa iyo,
AmeriCorps NCCC

TALAN NG MGA NILALAMAN

Panimulang Mensahe	2
Talaan ng Mga Nilalaman	3
Aming Mga Oportunidad	4-5
Aming Mga Benepisyo	6
Aming Epekto	7
Mga Kinakailangan sa Pagsisilbi	8
Mga Kinakailangan sa Pagbiyahe	9
Paano Sumali	10
Mga Pahayag ng Magulang	11



AMING MGA OPORTUNIDAD

Ang AmeriCorps NCCC ay isang full-time na programa ng serbisyo na sumasagot sa mga gastusin sa lodging at pagbiyahe na nagbibigay-daan sa mga young adult na magsilbi sa isang pangkat at gumawa ng pagbabago sa mga komunidad sa buong bansa habang natututo ng mahahalagang kakayahan sa pamumuno. May dalawang landas patungo sa pagsisilbi: Tradisyonal na Corps at FEMA Corps.



- 10 buwang pagsisilbi (11 buwan para sa Mga Pinuno ng Pangkat)
- Makipagtulungan sa mga lokal na sponsor ng proyekto, kabilang ang mga nonprofit, pang-estado at lokal na pamahalaan ng munisipyo, tribal organization, at grupo ng paniniwala
- Magsilbi sa mga direkta at hands-on na proyekto
- Bumiyahе sa isa sa apat na rehiyon ng United States



FEMA Corps

- 12 buwang pagsisilbi
- Makipagtulungan nang direkta sa FEMA tungkol sa mga proyekto ng kahandaan at pagtugon sa sakuna
- Magsilbi nang may administrative capacity na karaniwang nasa isang tanggapan
- Maglakbay sa buong United States

May dalawang layunin ang bawat isa sa mga landas na ito:

MIYEMBRO NG CORPS

- 18-26 taong gulang
- Pagsilbihan ang pangkat na may 8-12 pang miyembro

PINUNO NG PANGKAT

- 18 taong gulang pataas (walang upper age limit)
- Subaybayan ang pangkat na may 8-12 miyembro

AMING MGA BENEFISYO

Une période de service comporte de nombreux avantages. Les membres de l'AmeriCorps participant au programme NCCC nouent des relations durables, acquièrent une excellente expérience professionnelle, sont exposés à de nombreuses options de carrière différentes et trouvent souvent une orientation pour leurs futurs projets professionnels ou éducatifs. Ils reçoivent également :


MGA BENEFISYO SA PANAHOON NG SERBISYO



Sasagutin ang mga pangunahing gastusin, kabilang ang communal na pabahay, mga pagkain, at pangangalagang pangkalusugan.



Lahat ng pagbiyaheng nauugnay sa programa, kabilang ang papunta sa mga lokasyon ng pagsasanay, proyekto, at bahay pagkatapos ng serbisyo.



Nagbibigay kami ng sapat na allowance sa pamumuhay para sa mga personal na gastusin sa panahon ng serbisyo.



Makakatanggap ang mga miyembro ng mahalagang pagsasanay sa iba't ibang teknikal na kakayahan, pagpapahusay sa pamumuno, pagtutulungan, at higit pa.

MGA BENEFISYO PAGKATAPOS NG SERBISYO

Makakatanggap ang mga matagumpay na nagsipag-tapos sa NCCC ng Gantimpala sa Edukasyon na nagkakahalagang mahigit \$6,000 na magagamit sa mga gastusin o loan para sa matrikula sa hinaharap.



Nagpapanatili kami ng network na may mahigit 600 Empleyado ng Pambansang Serbisyo na makakatulong sa alumni ng NCCC sa kanilang paghahanap ng trabaho.



AMING EPEKTO

Nag-uulat ang alumni ng NCCC ng malalaking pagbabago sa mga bahagi ng personal na pag-unlad, cross-cultural na pag-unawa, at pakiramdam ng pagiging bahagi ng komunidad sa panahon ng serbisyo.



87%

Sumasang-ayon o lubos na sumasang-ayon ang 87% ng alumni ng NCCC na sila ay...

natuto pa tungkol sa 'tunay na mundo' o 'iba pang bahagi' ng mundo.



83%

Sumasang-ayon o lubos na sumasang-ayon ang 83% ng alumni ng NCCC na sila ay...

nakagawa ng mga bagay na hindi nila kailanmang naisip na magagawa nila.



87%

Sumasang-ayon o lubos na sumasang-ayon ang 87% ng alumni ng NCCC na sila ay...

nakaramdam na bahagi sila ng isang komunidad sa panahon ng serbisyo.



90%

Sumasang-ayon o lubos na sumasang-ayon ang 90% ng alumni ng NCCC na sila ay...

nakapag-am bag sa mga komunidad na kanilang pinagsilbihan.



Mga Kinakailangan sa Pagsisilbi

18-26 taong gulang
(walang upper age limit para sa Mga pinuno ng pangkat)

Maging handang umalis sa kanilang pinagmulan at full-time na magsilbi sa loob ng 10-12 buwan (tingnan ang page 4-5 para sa mga tagal ng termino ng serbisyo para sa bawat programa)

Maging permanenteng residente o mamamayan ng United States na sumusunod sa batas (kinakailangan ang citizenship para sa mga aplikante ng FEMA Corps)

Mayroong interes sa pagbibigay ng kakayahan sa mga komunidad at handang unahin ang mga pangangailangan sa mga proyekto ng isang tao at ng pangkat kaysa sa mga sariling personal na kaginhawahan

Maging flexible, handang magtrabaho sa iba't ibang proyekto, at magawang makipagtulungan sa iba't ibang grupo ng mga kasamahan

Ang pagbiyahe ay parehong pangangailangan sa pagsisilbi at benepisyong natatangi sa AmeriCorps NCCC. Ang mga miyembro ng AmeriCorps na nagsisilbi sa programa ng NCCC ay nagmumula sa buong U.S., habang ang bawat miyembro ay magkakaroon ng natatanging paglalakbay sa serbisyo, nakamapa sa ibaba ang ilang halimbawa ng mga karanasan ng miyembro.


MGA HALIMBAWA NG ROADMAP NG MIYEMBRO

Sa labas ng Sacramento, CA

Sacramento, CA (Bahay para sa Taong-Lansangan) • Newport, OR (Pagtatanim ng mga puno) • Great Falls, MT (Paghahanda ng buwis) • Boulder Creek, CA (Mga Counsellor sa Camp)

Sa labas ng Vinton, IA

Bar Harbor, ME (Pagpapanatili sa trail) • Rye, NH (Paglilinis ng Kalikasan) • Chelsea, MI (Pag-renovate ng Cabin) • Port Washington, WI (Trabahong pangkalikasan)



Sa labas ng Aurora, CO

Lungsod ng Oklahoma, OK (Pagtatayo ng mga bahay) • Denver, CO (Tulong sa pagtuturo) • Grandbury, TX (Mga counsellor sa camp) • Flagstaff, AZ (Pagpapanatili sa trail)

Sa labas ng Vicksburg, MS

Baton Rouge, LA (Pagtugon sa Sakuna) • Raleigh, NC (Trabaho sa National Park) • Jackson, MS (Pagpapaganda sa mga community center) • Brunswick, GA (Pag-aalaga sa kalikasan)

PAANO SUMALI


Sinusuportahan mo ba ang aming misyong gumawa ng mga pinuno ng susunod na henerasyon ng ating bayan sa pamamagitan ng pambansa at pangkomunidad na serbisyo? Narito ang maikling listahan ng mga paraan para ibahagi ang tungkol sa AmeriCorps NCCC.



Mag-order ng mga naka-print na materyal nang libre para ibahagi sa komunidad mo sa pamamagitan ng aming **Online na System ng Pag-order**.



Magsagawa ng mga talakayan para sa mga estudyante at mentee mo para ibahagi ang impormasyon tungkol sa aming mga programa gamit ang aming **Nada-download na Slide Deck**.



Suportahan ang mga young adult sa network mo sa pamamagitan ng proseso ng pag-apply sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng aming **Visual na Gabay sa Pag-apply**.

Tandaan: Kung isa kang guro, puwede kang magsilbing reference!

Hanapin ang mga resource na ito at higit pa sa americorps.gov/nccc-parentseducators



ANO ANG SINASABI NG MGA MAGULANG

Ayon sa anak ko, ang NCCC ang pinakamagandang 10 buwan ng buhay niya. Nakita kong nag-mature at umunlad ang anak ko nang natututo kung paano mamuhay nang malayo sa bahay, gumawa ng mga panghabang-buhay na relasyon sa mga miyembro ng kanyang pangkat, matuto ng mga kapaki-pakinabang na kakayahan, at KUMUMPLETO NG MGA GAWAIN!

Susan, Ina ng Alumna ng NCCC

Sumali ang anak ko sa AmeriCorps NCCC bilang gap year dahil hindi niya sigurado kung ano ang direksyong gusto niyang tahakin pagkatapos ng high school. Napakagandang karanasan na makakilala ng iba pang kabataang nakatuon sa serbisyo at makita ang ilang bahagi ng United States na posibleng hindi niya makita kung hindi siya sumali. Mahahabang araw ito na puno ng mahirap at manual na trabaho at gustong gusto niya ang bawat bahagi nito... Alam kong magiging malaking bahagi ng buhay niya ang pangkomunidad na serbisyo dahil sa karanasang ito.

Jessica, Ina ng Alumna ng NCCC

Salamat sa AmeriCorps NCCC sa pagbubukas ng mundo para sa aming anak, pagpapakita sa kanya kung paano kumumpleto ng mga gawain sa pamamagitan ng pagtutulungan, at pagtulong sa kanyang makapagpasya para sa career niya!

Anonymous, Magulang ng Alumna ng NCCC



Salamat sa pakikipagtulungan mo!

Makipag-ugnayan sa amin
sa social media, online, o sa
pamamagitan ng email.



@AmeriCorpsNCCC



@AmeriCorpsNCCC



/AmeriCorpsNCCC



AmeriCorps.gov/NCCC



NCCCMedia@cns.gov

